

CHAPTER *One*

*N*atigilan si Ara nang tuluyang maipasok ang secondhand na sasakyan sa garahe. Kotse pa iyon ng papa niya noong binata pa ito at sa kabila ng kalumaan ay hindi pa siya itinirik minsan man. Sa tapat nila ay naroon ang itim na SUV ni Ethan. Tila hinahalukay ang sikmura niya sa isiping magkakaharap sila ng binata.

Sa bibihirang pagkakataon na nakakaharap niya ang lalaki ay hindi niya mahanapan ng angkop na paliwanag ang halu-halong pakiramdam. Pitong taon ang tanda nito sa kanya at mas malapit siya sa kapatid nitong si Stephen na kaedad niya.

Bumaba si Ara ng sasakyan at tinungo ang pinto sa likod patungo sa kusina. Hindi niya gustong

makatagpo ang tuwina ay tila nang-uuring tingin ni Ethan sa kanya. Alam niyang hindi siya gusto ng binata dahil sa isang pangyayari sa kanila ni Stephen noong kabataan nila. Matagal na iyon, halos sampung taon na, ngunit pakiramdam niya ay hindi nalimutan ni Ethan. At siya man ay hindi nakalimot dahil tuwina ay ipinaparamdam nito ang disgusto sa kanya. Tila tanging si Stephen lamang ang nakalimot na.

Marahan niyang itinulak ang pinto sa kusina at bahagya na lang naitago ang pagkagulat nang matagpuan ang ama at si Ethan na seryosong nag-uusap sa dining area.

“You’re early,” bati ni Juancho, ang papa niya. Sampung taon si Ara nang mabiyudo ito at hindi na muling nag-asawa. Ginugol nito ang panahon sa kanya mula nang pumanaw ang asawa nito sa aneurysm. He was both a disciplinarian and a dotting father.

Walang mapagpipilian na lumapit siya sa mga ito at humalik sa pisngi ng ama. “Iniuwi ko na lang ang report.” Iniiwas niya ang tingin kay Ethan at natakam siya sa blueberry muffin na nakahain.

“Join us,” aya ng papa niya. “Nagpadala ng muffin ang Tita Betty mo. She knows it’s your favorite,” tukoy nito sa ina ni Ethan.

“No thanks, Pa.” Muli niyang sinulyapan nang may panghihinayang ang blueberry muffin bago nagtaas ng tingin. She met Ethan’s mocking gaze. “Masakit ang ulo ko, papanhik na ako. Paakyat na lang ng kape kay Manang.” Hindi na niya hinintay na sumagot ang ama at humakbang na palabas ng kusina.

Mamaya na siya maghahapunan at kukuha ng muffin kapag nakaalis na si Ethan.

Matapos hubarin ang bra ay nagsuot siya ng tank top at hinubad ang slacks. Ang tanging pang-ibabang natira ay ang boyleg panties niya. Wala siyang planong bumaba habang naroon sa bahay nila si Ethan. Isinuot niya ang eyeglasses at sumalampak sa harap ng computer.

Nakapagtapos si Ara ng Accountancy at isa nang Certified Public Accountant. Siya rin ang namamahala sa Accounting Department ng kanilang kompanya. Their small company is into large format printing and supplies. At totoong sumasakit ang ulo niya kaya iniuwi niya ang monthly report na ginagawa.

Hindi siya maaring magkamali, may malalaking withdrawals na hindi naibabayad sa suppliers. Tanging ang papa niya ang signatory ng mga tseke at hindi maaaring hindi nito alam ang mga nasabing

transactions. Noong mga nakaraang buwan pa niya napansin iyon, ngunit ngayong buwan ay naging mas malimit at kapansin-pansin.

Hindi siya lumingon nang may kumatok. Inaasahan na niyang si Manang Emy iyon, dala ang binilin niyang kape. Bata pa siya ay kasama na nila ang kasambahay at tuwing weekends lamang ito umuuwi sa pamilya nito.

“Pasok, Manang,” aniyang hindi nilingon ang bumukas na pinto. “Pakilapag na lang ho. Thanks.”

“Sinamahan ko na ng muffin,” anang bose-lalaki.

Nanlalaki ang mga matang napalingon si Ara kay Ethan. He was surveying her body with interest. Agad siyang humalukipkip kasabay ng pag-ayos ng upo. Ramdam niya ang pag-iinit ng mukha at huli na para abutin pa niya ang roba.

“Salamat. Bakit ikaw ang nag-akyat n’yan?”

“Inutusan ng papa mo si Manang. Nagprisinta na ako.” His eyes travelled down her long legs appreciatively.

“Thanks.” Wala siyang maisip sabihin.

Bagaman isa si Ethan sa mga abogadong sinasangguni ng ama pagdating sa kompanya ay bihira ang pagkakataon na nagkakaharap sila at pinipilit niyang hindi sila magkausap.

Bahagyang kumunot ang noo ni Ara nang tila walang balak lumabas ng silid ang binata. Tumaas ang mga kilay niya. “May kailangan ka pa ba?”

“I’ll go ahead.” Tumango siya at tuluyan na itong lumabas ng silid. Pinakawalan niya ang pinipigil na hininga. She was suddenly self-conscious. Humarap siya sa salamin. Ang buhok niyang palaging maayos na naka-pony tail ay bahagyang magulo ngayon. Her nipples were protruding against the thin fabric of her tank top. At ang boyleg panties niya ay manipis at lightly colored. Obviously, these undergarments left nothing to the imagination. Siguradong hindi na naman maganda ang iniisip sa kanya ng binata. May panlulumo siyang nadama.

Binalingan ni Ara ang blueberry muffin at kumagat nang malaki.

It doesn’t matter, naisip niya. Hindi niya gusto na tila laging hindi maganda ang iniisip sa kanya ni Ethan. But she bitterly thought it was too late to change that. Tila nasementuhan na ang impresyon sa kanya ng binata dahil sa isang pangyayari noon.



“*Ang s’abi mo party, eh bakit ganito?*” sita ni Ara sa kaibigang si Stephen.

Noong nakaraang buwan lang lumipat ang pamilya nito sa subdivision nila at agad silang

nagkalapit, palibhasa ay magkaedad at naging kaklase niya ito nang mag-transfer sa kanilang school.

“Hindi ko rin ini-expect na ganito...” Tall and lanky but goodlooking with an easy smile, maraming girls ang nagkaka-crush kay Stephen ngunit hindi siya kasali sa mga iyon. At ganoon din naman ito sa kanya bagaman walang naniniwala sa kanilang platonic relationship. Everybody was thinking that she’s Stephen’s girlfriend, including his own older brother.

Parehas silang graduating sa taong iyon at kung siya ay nag-e-excel sa academics, si Stephen ay sa sports. At kaya sila naroon ngayon ay inimitahan ito ng team captain ng basketball at isinama lang siya nito para payagan ito ng mga magulang. His parents, especially his mother, was very fond of her. Madalas nitong sabihin na siya ang ‘nawawala’ nitong anak na babae.

Muli siyang luminga sa paligid. Malakas ang sounds at ang ilaw ay malamlam ngunit sapat para makita ang ilang parehang nagmi-make out.

“Umalis na tayo,” yakag niya kay Stephen na tila puno ng interes sa paligid. Hindi ito madalas makalabas dahil mahigpit ang papa nito, higit pa ang kuya nito. Kaya nga kinasangkapan pa siya nito

para lang payagang makaalis ng bahay.

Bago pa ito nakasagot ay may umakbay na sa kanilang dalawa. “Stephen, my man!” malakas na sabi nito saka siya nilinga. “Is this your girl?”

“Kaibigan ko...” sagot ni Stephen. Ipinakilala siya nito kay Chad na siyang team captain. He looked drunk... and something else.

Hinagod siya nito ng may malisyang tingin at nais na niyang kumubli sa likod ni Stephen. “Halina kayo... the party’s just started.”

“Ikaw ba ang may birthday?” tanong ni Ara.

“Birthday party?” Humalakhak ito. “Whatever you want to call it, baby.” Hindi niya talaga gusto ang tingin nito sa kanya.

Humawak siya sa kamay ni Stephen na tila hindi napupuna ang pagkailang niya.

Lumapit sila sa buffet table at kumuha ng pagkain. Nakasunod pa rin sa kanila si Chad.

“Ano iyan?” tanong niya sa ilang tila candies na nakalagay sa bowl.

“Ecstasy,” bulong ni Chad.

Nakaramdam siya ng kilabot nang tila sadya nitong inilapat ang labi sa tainga niya. Agad siyang lumayo sa lalaki.

“Look at them...” Hinayon ng mga mata ni Chad ang mga parehang wala nang pakialam sa paligid

nila. Some were even half-naked.

Nakahinga lang siya nang maluwag nang may kumausap dito at nawala ang atensyon sa kanila ni Stephen. “Umuwi na tayo, Stephen!” matigas niyang sabi sa kasama na halata ang curiosity sa paligid.

Nilinga siya nito. “Mga thirty minutes lang,” anang lalaki sa kabila ng pagtutol niya. “Wag mo ’tong isusumbong kay Kuya.” Halatang mas takot ito sa kapatid kaysa sa mga magulang nito.

She rolled her eyes and made a face. “Para namang kinakausap ako ng kuya mo.”

Graduating sa kolehiyo ang kapatid nito na kumukuha ng abogasya. Bagaman may pagkakahawig ang magkapatid, Ethan’s unsettling gaze and serious demeanor could always make her uncomfortable. His eyes were darker than Stephen’s chocolate brown and his nose hawk-like na tila hindi pantay, which added to his already lethal charm.

He chuckled. “And I wonder why...” Ngumiti ito sa nakitang pag-aalala sa mukha niya. “Don’t worry, Ara. You’re safe with me.”

“Pero duda ako sa mga teammates mo. At alalahanin mong ako ang ipinanganggalang mo sa pagpapaalam sa mama at papa mo.”

“Sandali lang tayo. Please...”

Ang sandaling tinutukoy ni Stephen ay inabot

nang mahigit isang oras. Inabutan ito ng beer ni Chad sa kabila ng pagsaway niya. “Umuwi na tayo.”

“Maaga pa, Ara,” sabat ni Chad na biglang sumulpot at nauupo sa tabi niya. “Halika sa itaas at may ipapakita ako.” Hinawakan nito ang kamay niya at hinila siya patayo.

Agad niyang inabot ang kamay ni Stephen at tatlo silang pumanhik sa itaas ng bahay.

Nanlaki ang mga mata niya sa bumungad na eksena sa kanila. May isang malaking kama sa gitna at dalawang babae at isang lalaking pawang mga nakahubad ang nasa ibabaw niyon.

Napapahiyang iniwas niya ang tingin. Sa dulo ng kuwarto ay may minibar at sa kabilang sulok ang sofa set kung saan may ilang kalalaking nanonood at ilang parehang naghahalikan.

“Uuwi na kami.” Huminto si Ara sa may pintuan at bumaling kay Stephen.

The latter was obviously curious. Inabutan ito ni Chad ng isang stick na tila sigarilyo.

“Stephen!” sita niya nang tanggapin iyon ng kaibigan. Iginiya ito ni Chad sa isang bakanteng L-shaped sofa at alanganing sumunod siya.

“Wag mo akong hawakan...” asik niya nang akbayan ni Chad. Ang mga labi nito ay dumampi sa gilid ng mukha niya.

Napapagitnaan si Ara ng dalawang lalaki at si Stephen ay tila hindi pansin ang advances ni Chad sa kanya.

“Stephen...” Hinawakan niya ang braso nito.

He reluctantly pulled his gaze away from the show and looked at her. Ang mga mata nito ay tila namumungay. Kung mula sa beer o sa stick ng marijuana na hawak nito ay hindi niya sigurado. “Ara?” Bahagyang kumunot ang noo nito sa nakitang tila maiiyak niyang ekspresyon.

Niyakap siya ni Chad at hinagkan sa leeg. Itinulak niya ito pero tinawanan lang siya ng lalaki. “Ayoko na rito, Stephen!”

“Chad... please don’t,” mabuway na saway ni Stephen.

Higit na malaki si Chad kaysa sa kanyang kaibigan at sigurado siyang hindi siya kayang ipagtanggol ni Stephen. Huwag nang isama ang iba pang mga kabarkada ng team captain.

“Wag ka nang umangal... magugustuhan mo rin ’to,” panunuyo ni Chad. Ang mga bisig nito ay yumakap sa beywang niya at akmang muli siyang hahagkan.

“Stephen! Ara!” Malakas ang boses ni Ethan. He was standing in the doorway. His face was dark in anger.

Tila lahat ng atensyon ay napunta rito. Si Stephen ay namutla, napatayo at nabitiwan ang stick na hawak.

Lalong kumunot ang noo ni Ethan nang makita iyon. “Bitiwan mo siya,” anito kay Chad.

Agad na tumayo si Ara ngunit napahinto siya sa paghakbang palapit sa binata dahil sa galit na nasa mukha nito.

“At sino ka naman?” Mayabang ang asta ni Chad. He was obviously high on drugs. Si Stephen ay tila nawala ang pagkalango sa takot sa kapatid.

“I’m Stephen’s brother. At alam mo bang parehong menor de edad ang dalawang iyan? Puwede kitang kasuhan.”

Bahagyang namutla si Chad sa tinuran ng binata. Nagsitahimik rin ang mga kabarkada nito na kanina ay pinagtatawanan lang si Ethan.

“In fact, I have already contacted the police bago ako pumunta rito. Sigurado akong illegal ang mga pills na nasa ibaba.” Nagtayuan ang mga kabarkada nito at nagsimulang magpulasan. Si Chad man ay tila nataranta at mabilis na tumalikod.

Binalingan sila ni Ethan.

“Mauuna na ako sa sasakyan, Kuya.” Mabilis na nakalabas si Stephen bago pa may nakasagot. He gave her an apologetic look before closing the

door behind him.

Ethan surveyed the room. Sila na lamang ang natira roon ngunit bakas pa ang naganap na “party”.

He eyed her with disgust. “So ganito ang mga tipo mong party? Drugs and orgies.”

Naalala niyang ang paalam ni Stephen sa mga magulang ay kaibigan niya ang may pa-party. “Hindi...”

“So promiscuous. And you’re what... sixteen? Seventeen?” he raked her body with obvious hatred. “I don’t want you near Stephen again. Isa kang lason na sisira sa kapatid ko,” mariing saad nito.

“Please don’t tell my father...” Masasaktan ang papa niya kapag nalaman iyon.

Kumunot ang noo ni Ethan kapagkuwan ay mahinang natawa. “So your father doesn’t know that behind the prim and proper clothes is a promiscuous and wild young woman...”

Hindi niya magawang itama ang sinabi nito. Sa galit na nasa mukha ng kaharap ay imposibleng pakinggan nito ang eksplanasyon niya. Bukod pa sa desperasyon niyang hindi makarating sa papa niya ang tungkol sa nangyaring ito. “Please...”

Hinaklit siya ni Ethan. “You lying little witch...” His mouth descended on hers.

It was her first kiss. But it was punishing and

tormenting. Bago pa niya nalaman kung ano ang mararamdaman ay patulak siyang binitiwang binata. His expression was grim.

Pinahid nito ang labi na tila ba nandiri. “Stay away from my brother.”

Pagkatapos, nagpatingin itong lumabas. Tulirong sumunod si Ara.

Walang nagbukas ng usapan habang nasa sasakyan sila. Matapos silang ihatid ay paharurot na lumayo ang sasakyan.

She learned on the next days na walang dumating na pulis sa bahay ni Chad, Ethan was bluffing when he said that. Ngunit si Stephen ay hindi na bumalik sa eskuwelahan at ipinadala sa tiyahin nito sa New Jersey upang doon magpatuloy ng pag-aaral.

Bago ang flight nito, inabangan siya ng kaibigan sa labas ng bahay nila upang humingi ng tawad. Nagpasalamat ito na hindi niya sinabi kay Ethan ang totoo na ito—at hindi siya—ang nagyaya sa party ni Chad.

Samantala, hindi na nagulat si Ara na napalitan ang halos buong basketball team ng school nila. They were randomly checked for drugs at halos lahat ay nagpositibo.

Ipinagpasalamat ni Ara na hindi iyon nakarating

sa papa niya. She never looked back. Pinagbuti niya ang pag-aaral.

Mahigit apat na taon bago sila muling nagkausap ni Stephen. Nang muli itong umalis patungong New York upang tanggapin ang apprenticeship sa isang media company ay hindi naputol ang kanilang komunikasyon. Hindi iyon nalingid sa pamilya nila. At bagaman halatang tutol pa rin si Ethan ay wala na itong nagawa. They were both of legal age.

Nang inakala ng mga kapamilya nila na nagkakamabutihan na sila, hindi iyon kinontra ni Stephen. Noong una ay sinubukan niyang itama iyon ngunit walang naniniwala kaya hinayaan na rin lamang ni Ara.

CHAPTER *Two*

Bahagyang nagtaka si Ara nang datnan pa ang ama sa dining area. Alas nueve siya pumapasok sa opisina samantalang ito ay alas ocho.

“Sabay na tayo, Pa?” Naupo siya at kumuha ng pagkain.

“Gusto kitang makausap bago tayo pumasok.”

Sanay na siya sa seryosong anyo ng ama kaya hindi siya nag-aalala sa sasabihin nito.

Naalala niya ang ginagawang reports. “May sasabihin din ako, Pa.”

“You go first...”

“May nasilip akong mga withdrawals na hindi naibabayad sa suppliers.” She paused to see his

reaction. “Do you know kung saan napunta ang mga tseke?”

Tumikhim ito bago muling nagsalita. “Ginamit ko.”

“Saan?” She was shocked.

“May mga binabayaran akong utang...”

“May mga suppliers ba tayong hindi ko alam?”

“Binebenta ko na ang kompanya...”

Nagulat siya lalo. “Bakit? Nalulugi ba tayo?” Totoong maliit ang profit, pero hindi niya nakitang nagnegatibo ang kita ng kompanya.

Tumango ang matanda. “For years, I have covered it up. Utang dito, utang doon.”

“Is it that bad?” Tumango ito at lalo siyang nanlumo. “Meron bang paraan para makabangon pa?”

Nag-iwas ito ng tingin at may palagay siyang meron. Lamang ay mukhang hindi niya magugustuhan anuman iyon. “Legal partnership with *Stellar Paper Corporation*,” anito.

“Kina Tito Frank? Ethan’s family?” She could not find her voice.

“Legal partnership. You have to marry their son.”

Pakiramdam ni Ara ay nasa isang teleserye siya. Nagsisikip ang dibdib na pilit niyang pinagana ang

utak. “Stephen?”

Tumango ang kausap. “Gusto ko sanang si Ethan ang mapangasawa mo. He is far more responsible than Stephen... pero nagkausap kami at—”

“Tumanggi siya?” putol ni Ara sa sinasabi ng ama. Iyon marahil ang pinag-uusapan ng dalawa nang dumating siya kahapon.

Hindi niya maipaliwanag ang sakit na naramdaman sa kaalamang tinanggihan siya ng binata. What’s new? Ethan was never her fan.

Sa kabila ng mga naging accomplishments niya, Ethan would only give a half-smile, almost a smirk, na tila siya pa rin iyong dalagita na may dalang kapahamakan sa kapatid nito.

“Hindi ba niya sinabi na baka makasama lang ako kay Stephen?” sarkastikong tanong niya.

Kumunot ang noo ng matanda. “Ano’ng makakasama?” Hanggang ngayon ay walang nakakaalam sa mga magulang nila ng pangyayari halos sampung taon na ang nakaraan. “Mas magkalapit ang edad ninyo ni Stephen at hindi ba nagkakamabutihan na kayo? Lagi kayong magkausap sa telepono.”

“Kahit lagi kong sinasabing hindi kami mag-boyfriend ni Stephen ay iyon ang iniisip n’yong lahat,” matabang niyang sabi. “At hindi kami laging

magkausap, Pa.” She rolled her eyes. “Halos isang buwan na mula n’ung huli ko siyang nakausap.” Si Ethan ay commercial photographer at hindi napipirmi sa isang lugar. Noong huli niya itong nakausap ay nasa Japan ito para sa isang photo shoot. “At kung iniisip mong magnobyong kami, bakit mo unang naisip na si Ethan ang dapat kong pakasalan?”

“Matanda na ako, Ara. Gaya ng sinabi ko, sa palagay ko ay mas responsable at mas maaalagaan ka ni Ethan. Kung mawawala man ako at maiiwan kita, mas mapapanatag ako kung si Ethan ang katuwang mo.”

Ngumiti ang dalaga at ginagap ang kamay ng ama. “Pa... una, hindi ka pa mawawala. Look at you, you look younger than your age.” Totoo iyon. Ang buhok nito ay itim pa rin sa edad nitong sixty-seven. Except for the beer belly, her father looked healthy. “Pangalawa, hindi ako gusto ni Ethan—not for Stephen, eh di lalong hindi para sa sarili niya. And I think he has a girlfriend.” Kumunot ang noo ng ama sa sinabi niya ngunit hindi nagsalita. “Pangatlo, baka kayo ang kailangan ng katuwang sa buhay.” Lumuwang ang ngiti ni Ara nang umiling-iling ito.

“Puro ka kalokohan...”

“Pinapagaan ko lang ang iniisip natin, Pa.”
Sumeryoso ang dalaga. “Why not sell the company?”

“Ibinebenta ko nga. Sina Frank ang buyer.”

“And they offered the legal partnership?”

“Frank did. Para daw hindi tayo mawalan ng karapatan sa kompanya, iyon ang naisip niyang solusyon. Alam nila ang hirap ko sa kompanya and they thought it’s heartless to just take it from me.”

“Pero babayaran ka naman...” she teased.

“Baka mapunta lang ’yun sa pambayad sa utang.”

Sumandal si Ara sa backrest ng upuan.

“The partnership is the best option but I don’t want to burden you with this, anak. Sinabi ko lang dahil akala ko ay totoong nagkakamabutihan kayo ni Stephen at sa pagpapakasal din mauwi. Kung hindi mo gusto, p’wede nating tuluyang ibenta ang kompanya. Settle all the debts. Start from scratch, find new employees...” Bahagyang gumaralgal ang tinig ng ama.

Her father had always been her pillar. Sa tuwina ay ang katatagan nito ang inaasahan niya. And seeing him like this was breaking her heart.

“I’ll do it,” sabi ng dalaga bago pa makapag-isip.

“Really? You don’t have to rush things...”

“Stephen’s a friend. We’ll talk about it. Alam

na ba niya?”

“I’m not sure... ang s’abi ni Ethan ay siya na ang bahalang magsabi kay Stephen.”

Tumango si Ara.

“By the way, why are you saying na hindi ka gusto ni Ethan?”

“You didn’t notice?”

Umiling ang matanda. “He’s always interested everytime I talk about you.”

Umiling-iling ang dalaga at nagsalin ng kape nila. Interesado nga marahil si Ethan at iyon ay para mahanapan siya ng kapintasan.

Bago matapos ang araw na iyon ay tumawag si Stephen sa kanya. Pasado alas seis na at gumagayak na rin si Ara para umuwi. Ang papa niya ay nauna nang umuwi, hatid ng matagal na nilang driver.

“Hey, love,” bati nito. Iyon ang tawag ng kaibigan sa kanya at palagay niya, iyon rin ang tawag nito sa lahat ng babaeng modelo na nakakasalamuha nito.

“Napatawag ka,” aniya kahit nahuhulaan na niya kung bakit ito tumawag.

He chuckled. “As if you don’t know yet...”

“Ang alin?”

“We’re getting married! What the f*ck.”

Natawa si Ara. “So I’ve heard. Nas’an ka ngayon?”

“Malaysia. I’ll be in Manila in two days.”

“We’ll talk when you get back.”

“Really!” palatak ng kausap. “Let’s talk now. Bakit may ganitong drama, Arabella? May kinalaman ka ba rito?” Alam niyang seryoso si Stephen kapag ginagamit nito ang buong pangalan niya. “May pagnanasa ka ba sa akin?” His voice suddenly sounded seductive, and she laughed.

“Not in my right mind. Si Ethan ba ang nagsabi sa ’yo?”

“Yes. Ipinaliwanag naman n’ya, hindi lang ako sang-ayon. Come on, wala na tayo sa sinaunang panahon!”

“I know.”

“But I understand your position, love...”

“We’re friends, Stephen. Naisip ko na magiging madali lang sa ating magsama bilang mag-asawa...”

“You don’t know what you’re talking about, love...” natatawang sabi nito. “I can’t marry you—”

“Yeah, naisip ko na iyan.”

“I’m not finish yet. I’m your friend... at alam kong pagkakataon ko na ito para makabawi sa ’yo.” Alam niya kung ano ang tinutukoy nito.

“It’s okay. Matagal na iyon, nalimutan ko na...” she lied.

“Don’t cut me when I’m talking, love...”

naiiritang anito. “I will marry you. Pero bilang magkaibigan, we can compromise.”

“And what do you mean by that?”

“Well... you’re a very desirable woman, love. But we have a platonic relationship... at maraming nagmamay-ari ng puso ko.” She rolled her eyes. “Maybe after six months, we can have an annulment.”

“P’wede ba iyon?”

“Of course. Tayong dalawa lang ang makakaalam. They’ll get over it, at nasa inyo pa rin ang kompanya.”

“Hmm...” Nai-imagine na ni Ara ang pagtaas-baba ng mga kilay ni Stephen. “Why not?”

“It’s a deal then...?”

“Alright.”

“I’ll ask my lawyer to draft a contract between us.”

“You don’t trust my word?”

Tumawa si Stephen. “Paano kung ma-in love ka sa akin at hindi ka na pumayag sa annulment?”

“Ang kapal.”

“See you in two days, love,” sabi nito saka nagpaalam na.

Yakap ang laptop, isinukbit ni Ara ang bag sa balikat at derecho siyang lumabas ng opisina.

Ilang ilaw na lang ang bukas sa labas at alam niyang siya na lang at ang guwardya ang naiwan doon. Nilingon niya ang pantry na may naiwang ilaw habang patuloy na lumalakad. Impit siyang napatili nang sa pagliko ay bumangga siya sa malaking bulto. Kung hindi siya agad naalalayan niyon ay nahulog marahil ang laptop na bitbit niya.

“You’re not looking,” banayad na akusa ng kaharap. Sa malamlam na liwanag ay nakilala niyang si Ethan iyon.

“I was...” Muli niyang nilinga ang ilaw sa pantry. “Ano’ng ginagawa mo rito?” Ang mga kamay nito ay nasa mga braso pa rin niya at sa distansya nila ay tila yakap siya nito. Tila biglang nahirapang huminga, umurong si Ara.

“I’d like a word...”

“Ngayon? Dito?” Ang bahagyang dilim at ang isiping sila lamang ang tao sa loob ng opisina ay tila isang misteryong masarap tuklasin.

A dry amusement crossed his eyes. Iginala nito ang tingin. “Of course, with the lights on...”

“Sa pantry na lang siguro? Or gusto mo ba sa conference room?” She cleared her mind.

“I’d prefer the pantry... with a cup of coffee, perhaps?” Ngumiti ito.

Tila namamalikatang kumurap si Ara bago

tumalikod at nagpatiuna sa pantry.

Ethan had always been an enigma to her. Kapag nagkakasama sila ni Stephen sa bihirang pagkakataon na nasa Pilipinas ang kaibigan ay ramdam niya ang disgusto ni Ethan sa kanya. Para bang sa bawat pagkakataon ay ipinapaalala nito na kapahamakan lang ang dala niya sa kapatid nito.

Kaya naman iniiwasan niya ang binata. Ngunit sa ilang pagkakataon na nagkakasolo sila at hindi humahantong sa pagtatalo ay naiisip niyang maaari silang magkasundo.

Walang tao sa pantry nang pumasok sila at agad niyang pinagsisihan na doon sila mag-uusap. With Ethan's frame, tila napakaliit niyon para sa kanilang dalawa. Inilapag niya sa pangdalawahang mesa ang mga gamit at lumapit sa coffeemaker.

Napapitlag siya nang maramdaman sa likod niya ang lalaki.

"I'd like mine black with less sugar, please."

"Gusto mo ba ng sandwich?"

"No, thank you."

Ipinagpasalamat niyang naupo ang binata. Inilipat niya ang bag at laptop sa counter bago ipinatong sa mesa ang mga kape nila. Naupo siya sa katapat na upuan at wala sa loob na hinalo ang kape. Matapos humigop ng inumin ay inilabas ni

Ethan ang isang envelope.

“Here’s the contract, para sa shares ninyo sa kompanya at sa kasal n’yo ni Stephen. Alam na ito ng papa mo, he agreed with me at ang s’abi niya ay mas magandang tayong dalawa ang mag-usap tungkol dito...” Itinulak nito sa harap niya ang envelope.

His hand was big with long fingers and clean nails. Ano nga ba ang sinasabi nila sa mga lalaking malalaki ang kamay?

She bit her lip at the thought. Nang mag-angat siya ng mata ay natagpuan niya ang binata na nakatingin sa labi niya. Alam ba nito ang iniisip niya? Tumikhim si Ara upang muling kalmahin ang isip.

“You have to stay married for two years para magkaroon ng bisa ang pagmamay-ari n’yo ng shares ng kompanya.”

“Bakit may two-year period?” Sigurado siyang hindi alam ni Stephen iyon. Hindi niya alam kung papayag pa ito kapag nalaman iyon.

He raised a corner of his mouth. “Hindi mo inaasahang hahayaan kitang gamitin ang kapatid ko on your own terms?”

“*Gamitin?* That’s harsh,” matabang niyang sagot. She bravely met his insulting gaze.

“I’m not stupid, Ara. I don’t know what kind of open relationship you and Stephen have.”

“Hindi kita naiintindihan.”

“You keep on denying your relationship with my brother, samantalang siya ay hindi.”

Natawa siya. “So mas hinuhusgahan mo ako kaysa sa kapatid mong papalit-palit ng girlfriends?”

“Maybe you’re just discreet.”

“You’re being judgmental, you know...” Nagkibit-balikat siya. “Kunsabagay, ano pa ba ang aasahan ko sa ’yo? You judged me ten years ago at hindi na nagbago ang impresyon mo sa akin.”

“This has nothing to do—”

“Cut the pretense, Ethan. You still see me as the sixteen-year-old who brought harm to your brother.” Tumayo si Ara.

“Oh no, you’re not that girl anymore. You’ve grown.” May malisyang naglakbay ang tingin nito sa katawan niya na tila ba wala siyang kasuotan.

His gaze heated as it traveled down her body. At sa kabila ng paghihimagsik, tila may dulot iyong masarap na kilabot sa katawan niya. Muli siyang naupo at marahang natawa si Ethan; alam yata nito ang nangyayari sa kanya.

“You know nothing...” may pagsukong wika ni Ara. Bakit ba hindi pa niya tanggapin na hindi

na magbabago ang impresyon ni Ethan sa kanya?

“Ano ang hindi ko alam?” may talim na tanong nito.

She could not betray Stephen now. Besides, ano ang silbi niyon? Maniniwala pa ba si Ethan na pinagtakpan niya ang kapatid nito sa loob ng sampung taon? Sapat nang insulto ang natanggap niya ngayong araw mula sa binata.

“Nothing,” she mocked.

Hinaklit siya ng binata sa kabila ng makipot na mesa sa pagitan nila. “What are you not telling me?”

His face was too close. She could smell the mixture of coffee and peppermint on his breath.

“You’re a hypocrite, Ethan,” tuya niya. Gusto niyang pagsisihan ang sinabi nang magdilim ang mukha ng lalaki. “Agad mo ’kong hinusgahan... inakusahan mo akong lason na sisira sa kapatid mo... pero hindi kaya isa ka rin sa mga nalason ko?” She wet her lips. “Hindi ba at hinagkan mo ako n’ung gabing iyon?” Her voice faded when his gaze dropped to her lips.

“The hell I am...” sagot nito. At bago pa siya makaisip ng isasagot ay bumaba na ang mga labi nito sa kanya.

CHAPTER *Three*

The kiss was meant to punish her. And maybe she deserved it for provoking him. His lips were harsh and demanding, yet it made her senses come alive.

Hindi niya namalayan kung kailan nagbago ang posisyon nila at pareho na silang nakatayo, ang balakang ni Ara ay nakasandal sa mesa at ang isang kamay ng binata ay nakapulupot sa beywang niya. Ang isang kamay ni Ethan ay nakasapo sa batok niya. She opened her mouth in protest nang marahang hilahin nito ang buhok niya at sinamantala iyon ng binata. His tongue darted inside, marauding her mind senseless. Kasunod niyon ay nagbago ang paraan ng paghalik nito. Less punishing but still

demanding. Kusa siyang tumugon sa binata kasabay ng pagsalikop ng mga bisig sa leeg nito.

Agad silang naghiwalay nang may marinig na bumagsak. Nakatayo sa tapat ng pintuan ng pantry ang guard at nakayuko sa nabasag na mug sa paanan nito.

“Magkakape po sana ako, Ma’am,” sabi nito habang nakaiwas ang tingin.

Nag-iinit ang mukhang lumayo siya kay Ethan.

“Sige ho, Manong, uuwi na rin ako.” Dinampot ni Ara ang mga gamit. “At ’wag na ho sanang makarating sa iba ang nakita n’yo...”

Tumango ang may-edad na lalaki.

Inirapan niya si Ethan na may maliit na ngiti sa mga labi.

“I’ll go through the contract...” pormal na sabi niya sa binata.

“Let me know if you want to discuss anything.”

Tumango lang siya at mabilis na tumalikod na tila hinahabol ng multo.



Hindi agad sumunod si Ethan sa dalaga na halatang nagmamadaling makaalis sa lugar. Nag-aalala siyang ipagkanulo niya ang sarili kapag muling lumapit sa dalaga. Tama ito, isa siya sa mga nalason nito. At hanggang ngayon ay pilit niyang nilalabanan

iyon. For God's sake, she's his brother's fiancée. Lusting after her was already a big problem. Kung anumang klase ang relasyon nito sa kanyang kapatid, hindi na niya dapat pang problemahin.

“Sige ho, Manong. Lalakad na rin ako.”

“S’abi ko na nga ho, Sir, at bagay na bagay kayo.”

Matabang siyang natawa. “She is my brother's fiancée.” Tuluyan na siyang lumabas ng pantry bago pa kainin ng emosyong dala ng katotohanang iyon.

Nasa parking pa ang sasakyan ng dalaga nang lumabas siya ng building. Sigurado siyang nagmadali itong magmaniobra nang matanaw siya. He smiled inwardly bago pumasok sa sariling sasakyan.

Their family came from the South. Kasabay ng pagtuntong niya sa kolehiyo ay ang pagretiro ng ama bilang international realtor at pag-invest sa bagong negosyo, ang *Stellar Paper Corporation*. Makalipas ang limang taon ay namatay ang kasosyo ng ama at binili nila ang buong pagmamay-ari sa kompanya. Their parents decided to buy a property in a subdivision, malapit sa main office ng kompanya. Doon sa subdivision nagkakilala ang kanyang mga magulang at ang biyudong ama ni Ara.

Una niyang nakita si Ara nang lumipat sila at naghahakot ng mga gamit. She came home from school, nakauniporme at mabagal na naglalakad

habang nakalingon sa kanila. He thought she was lovely with her braided hair. Makinis ang maputing kutis nito, almond eyes, straight nose, and small lips. Matipid itong ngumiti nang magtama ang mga mata nila bago pumasok ng gate.

Bagaman dalawang sakay lang ang pinapasukan niya mula sa subdivision ay sa dormitoryo pa rin siya ng unibersidad tumutuloy at umuuwi lamang tuwing weekends. Dahil nataon na final exams ay dalawang linggo bago niya muling nakita ulit si Ara. Magkaibigan na ito at si Stephen noon. Walang bukambibig ang kapatid niya maliban sa dalagita. Maging ang kanyang ina ay botong boto kay Ara para kay Stephen. Kaya naman kung anuman ang interes niya sa babae ay kusa niyang sinikil. Besides, she was too young for him.

She was everyone's apple of the eye at paboritong paksa sa kanilang bahay. Inakala rin niyang mabuti ito para kay Stephen ngunit hindi miminsan niyang nahuling nagsinungaling ang kapatid para sa dalagita. Ang pinakamatinding kapahamakang dinala nito ay nang yayain nito ang kapatid niya sa isang birthday party. Hindi siya nagkamali nang sinundan niya ang mga ito. At hindi niya inaasahan na ang tipo ni Ara ang mauugnay sa ganoong uri ng pagtitipon. He felt he was on time to rescue his

brother.

Nang maiwan silang dalawa ni Ara ay hindi niya napigil ang galit. Galit dahil sa kabila ng disgusto sa dalagita ay naroon ang atraksyon niya para rito. At dahil hindi niya ito kayang saktan, he showed his anger through a kiss. Her shock was obvious and he felt more disgusted with himself.

Matapos iyon ay kinausap niya si Stephen at binantaan na kung hindi ito lalayo sa dalagita ay mapipilitan siyang ipaalam sa mga magulang at sa ama ni Ara ang nangyari. Si Stephen mismo ang nagpaalam sa mga magulang na nais nitong mag-aral sa ibang bansa. Agad itong pinayagan ng parents nila dahil ang kanilang tiyahing nasa New Jersey ay matandang dalaga at walang kasama sa bahay.

Ang akala ni Ethan, nailayo na niya ang kapatid sa hindi magandang impluwensya ni Ara, ngunit muling nagkalapit ang dalawa nang umuwi si Stephen para sa bakasyon makalipas ang halos apat na taon. They were both of legal age at pinilit niyang hindi na makialam. Ang mga magulang nila ay natutuwa na muling nagkalapit ang dalawa. Halos lahat ng kakilala nila ay naniniwala na magkasintahan na ang mga ito. Ngunit sa tuwing tinatanong, ngingiti lang si Ara at sasabihing magkaibigan lang ito at ang kapatid niya. Malayo sa sinasabi ni Stephen na

nagkakaunawaan na ang mga ito.

Nang minsang sitahin niya si Stephen sa balitang papalit-palit ito ng nobya, he reasoned that they were in an open relationship, na batid ni Ara iyon, at marahil si Ara rin ay may iba pang karelasyon. Muntik na niyang masuntok ang kapatid noon. Ara did outstanding in school at nakapasa agad sa CPA board. Hindi niya mapaniwalaang papasok ito sa ganoong klase ng relasyon ngunit tinawanan lang siya ni Stephen at sinabing marami siyang hindi alam tungkol sa babae.

And maybe his brother was right, kapag naaalala ni Ethan ang nangyari halos sampung taon na ang nakaraan ay naiisip niyang may punto ang kapatid.

They were both adults at hindi na siya dapat nakikialam. Lalo ngayon na napag-uusapan na ang pagpapakasal ng dalawa. Kung tutuusin ay hindi na kailangan pa ang kontratang iprinisinta niya sa dalaga kanina. Ginawa niya iyon para sa proteksyon ng parehong panig sa tinatawag ng mga itong “open relationship.”

Napailing si Ethan. Tama na ang pagbabantay kina Stephen at Ara. Or hindi kaya si Ara lang ang binabantayan niya? Ginagamit lang ba niyang dahilan na masama itong impluwensya sa kanyang kapatid para patuloy siyang na makalapit sa dalaga?

Well, he should move on from whatever attraction he was feeling for her and focus on his long time on-and-off girlfriend, Annette, na kasalukuyang nasa Bali kasama ang ilang kaibigan. Binigyan siya nito ng tatlong buwang palugit para mag-propose at ngayon na halos matatapos na ang ikalawang buwan ay hindi pa rin siya makapagdesisyon.

Si Annette ay kaklase niya sa Law school at naging kasintahan niya nang maka-graduate sila. Bagaman maraming beses na silang naghiwalay at nagkabalikan, ito ang pinakamatagal niyang naging karelasyon. Nasa tamang edad na si Ethan, may stable na trabaho bilang corporate lawyer sa isang malaking law firm. Matutuwa ang mama niya kung magpapakasal na siya at magkakaanak. Pero mukhang mauuna pa rin si Stephen na magpakasal.

He sighed and started the car.



Madilim na nang makarating si Ethan sa bahay ng mga magulang. Halos araw-araw siyang dumadaan doon bago umuwi sa sariling townhouse na malapit lang din naman. Hindi mapigilang sinulyapan niya ang katapat na bahay. Nasa garahe na ang sasakyan ni Ara.

Umibis siya sa kotse at pumasok ng kanilang gate. Gamit ang sariling susi ay binuksan niya ang

main door.

He was surprised to see Stephen inside. Magkatabi ito at ang ina sa malaking sofa.

“Kailan ka dumating?” tanong ni Ethan matapos itong sumalubong sa kanya at yumakap. Likas itong malambing at tanggap na niya na ito ang paborito ng kanilang ina.

“Ngayon lang. Nauna lang ako sa iyo ng mga bente minutos.”

“Alam na ba ni Ara?”

Umiling ito. “Ang s’abi ko, after two days pa ako uuwi...”

Kumunot ang noo ni Ethan.

“It’s supposed to be a surprise, bro.” Lumuwang ang ngiti nito dahil sa pagkunot ng noo niya.

“It would be a pleasant surprise,” nakangiting sang-ayon ng ina.

“Narito na ba si Papa?” tanong niya.

“Pauwi na rin.”

Sinipat niya ang relo at napailing. Wala siyang maipintas sa dedikasyon at sipag ng ama pagdating sa kompanya.

“Dito ka na maghapunan, Ethan,” anang ina na tinanguan niya. Tumayo ito at nagtungo sa kusina.

“What’s up, bro?” nakangiting pangungumusta ni Stephen.

Naupo siya sa katapat nito. “Same old...”

Lumuwang ang ngiti nito. “You’re missing a lot...”

Napailing si Ethan. Sa tuwina ay puno ng kalokohan ng kanyang kapatid. Noong huling uwi nito ay niyaya siyang lumabas at isinet-up sa isang magandang modelo.

“By the way, gumawa ako ng kontrata para sa nalalapit n’yong kasal ni Ara.” Pahapyaw niyang sinabi ang nilalaman niyon kasama ang kondisyon na dalawang taon silang magsasama.

Napangiti siya sa malakas nitong pagmumura.

“Napag-usapan na namin ni Ara ang pagpapakasal namin. There’s no need for the contract.”

“Iniisip ko ang kapakanan mo. Ang kontrata ay proteksyon ninyong dalawa laban sa open relationship n’yo.”

“Nagkakaintindihan na kami...”

May determinasyong umiling si Ethan. “Trust me, it’s for the better.”

Ilang sandali itong tumahimik na tila nag-iisip nang malalim. “I hope you did not upset Ara.”

Natigilan siya nang maalala ang nangyari kanina. “Well... a bit, maybe.”

“Hindi maganda para sa kondisyon ni Ara ang

ma-upset.”

“Kondisyon?”

“She’s pregnant,” anang kaharap.

Lumalim ang kunot ng noo ni Ethan. “How... I mean, kailan ka ba huling umuwi?”

Tumawa ang kapatid. “I was here two months ago,” paalala nito.

“No offense meant, bro...” Tumikhim siya. “Hindi ba s’abi mo nga ay nasa isang open relationship kayo at may...” Hindi niya kayang ituloy ang nais sabihin.

Tumango si Stephen. “I’m the father. Wala siyang lover for the past months...”

“The more you have to stay married to her.”

Ngumiwi ito. “Basta kami na ang bahalang mag-usap, hindi na namin kailangan ng kontrata.”

“Pag-usapan natin kaharap ang papa at ang Tito Juancho.”

Bago pa muling nakapangatwiran si Stephen ay bumukas na ang pinto at pumasok ang kanilang ama. Gaya niya, nasorpresa rin ito nang makita si Stephen.

Ang inihandang hapunan ng ina ay pork humba at sotanghon. Napagkasunduan nilang tumawid na sa kabilang bahay upang sorpresahin si Ara ng pagdating ni Stephen.



Nagluluto pa lang si Manang Emy ng kanilang

ulam habang nanonood si Ara ng TV katabi ang ama sa sofa.

Bagaman kanina pa siya nakatutok sa telebisyon ay wala roon ang atensyon niya. Wala sa loob na hinaplos niya ang labi na kanina lang ay hinagkan ni Ethan. Tila nararamdaman pa niya ang malambot na labi at mabangong hininga ng binata. She sighed. Bakit wala siyang makapang galit sa ginawa ng lalaki? Sa halip, tila nagbubuhol-buhol ang emosyon niya.

Naiinis na ibinaba niya ang mga daliri mula sa labi. She provoked him and of course, the kiss meant nothing. Gaya rin ng halik nito halos sampung taon na ang nakaraan.

Napapitlag si Ara nang tumunog ang doorbell. Nagkatinginan sila ng ama bago siya tumayo at lumapit sa pinto. Napaurong siya nang mapagbuksan si Ethan na may dalang isang malaking kaserola. Peace offering? Ipinagpasalamat niyang hindi agad siya nakapagsalita dahil biglang sumungaw ang nakangiting mukha ni Stephen.

“Surprise, love!” Bigla siyang binuhat nito.

“Stephen!” Napasulyap siya sa seryosong mukha ni Ethan. She was dying to know what the guy was thinking. “Ibaba mo ako...”

Nakangising ibinaba nga siya ng kaibigan.

“Hindi ka ba natutuwang makita ako?”

“Of course, natutuwa.” Nakangiting bumaling siya sa mga magulang ng lalaki at nagmano. “Nagulat lang ako. At alam mong hindi ko gustong bigla mo akong binubuhat,” sermon niya kay Stephen.

“I’ll try to remember that,” walang pagsisising sagot nito. “Lalo ngayon na mas mabigat ka na.” Sumulyap ito kay Ethan na tila may ipinahihiwatig.

“Are you both saying that I’m fat?”

Nagtawanan ang dalawa at hindi niya agad nabawi ang tingin mula kay Ethan. Bibihirang pagkakataon na nakikita niya itong tumatawa at malaki ang nagagawa niyon sa guwapong mukha ng binata.

Bago pa nakasagot ang mga ito ay sinaway na ito ng ina ng mga ito at nagyaya nang pumasok sa bahay nila upang maghapunan.

Tila namanhikan na rin ang pamilya nina Stephen dahil nauwi sa kasalan ang usapan bago matapos ang hapunan.

“We can set the date sa katapusan ng susunod na buwan,” anang Tita Betty niya. Halatang excited ito.

“Nagmamadali ba tayo, Ma?” biro ni Stephen.

“Para tumakbo ang proseso ng partnership ng kompanya ay kailangang magpakasal muna kayo,” sagot naman ni Tito Frank. “And I think Ethan

prepared a contract?”

Natigilan si Ara. Stephen grimaced.

“We can get married even without the contract, right?” Si Stephen. Mukhang alam na nito ang nilalaman ng kontrata.

Tumikhim si Juancho. “Naipaliwanag na ni Ethan ang tungkol dito but I’d like to see the contract again.”

“P’wede akong magbigay ng kopya sa inyo bukas, Tito, pero may idinaan na akong kopya kay Ara kanina sa opisina,” sabi ni Ethan. Sumulyap ito sa kanya at ramdam niya ang pag-iinit ng mukha nang maalala ang nangyaring paghalik nito sa kanya kanina. “Hindi ko lang nai-discuss sa kanya kasi...” Sinupil ng binata ang isang ngiti bago muling bumaling sa kanyang ama.

Tumaas ang kilay ni Stephen nang mapatingin siya rito.

“Nagmamadali kasi akong umuwi kaya hindi na namin na-discuss ’yung kontrata,” sabat ni Ara. “Kukunin ko lang ang kopya ko, Pa.” Mabilis siyang tumayo at umalis sa dining area.

CHAPTER *Four*

*N*agpalipat-lipat ang tingin ng papa niya sa kanila ni Stephen nang sabay silang kumontra sa sinasabi ni Ethan.

“What’s wrong with staying married for two years?” Si Tita Betty ang nagsalita. “Magkasintahan naman kayo at siguradong lalampas pa sa dalawang taon ang pagsasama ninyo.”

“Exactly my point.” Si Ethan. A triumphant gleam crossed his eyes.

“I agree with Ethan,” anang papa ni Ara. “The contract is just fair and it will protect both parties.”

“From what?” naiiling na tanong ni Stephen. May bahagyang bakas ng iritasyon sa mukha nito. Tumikhim siya ngunit hindi nawala ang kunot sa

noo nito. “Ara and I have known each other for a decade. We don’t need protection especially from each other. Ara will not betray me.” Bahagyang tumaas ang tono ng kaibigan.

“How about you?” mainit na tanong ng papa ni Ara. Halatang hindi nito nagustuhan ang tono ni Stephen.

Tumikhim si Ethan. “Maybe we should talk about this some other time.” Agad sumang-ayon ang mga magulang nito.

“Yes, some other time, Pa.”

“Hindi ako papayag na makasal kayo nang wala ang kontrata,” anang papa niya. Tumayo ito. “Please excuse me, Frank... Betty...” Tumalikod ito nang sabay na tumango ang mag-asawa.

“I’m sorry for the misunderstanding...” ani Ara.

“Wala kang dapat ihingi ng paumanhin,” sagot ni Ethan na sumulyap sa kapatid. “Stephen was rude.”

Napailing ang huli. “It’s your fault. You and your damn contract,” sagot nito saka tumalikod na.

“I’m sorry, Ara. I will talk to your father tomorrow,” ani Frank. “And I will deal with Stephen.”

Tumango siya. Hinawakan ng matandang babae ang kamay niya at hinagkan ang kanyang pisngi bago nagpaalam. Agad sumunod dito ang matandang lalaki matapos siyang tanguan. Naiwan sila ni Ethan.

“Your contract makes everything complicated,”
aniya kasabay ng paghalukipkip.

“It doesn’t have to be... kung wala kayong
itinatago ni Stephen.” May hamon sa mga mata nito.

“Wala kaming itinatago at hindi ko kailangang
magpaliwanag sa iyo.”

“I don’t want to upset you.” Itinaas nito ang
dalawang kamay. “I’d better go.”

“Yes, you’d better.”



Hindi na nagulat si Ara nang sunduin siya ni
Stephen sa opisina kinabukasan.

“Sa labas na tayo mag-lunch...” kulit nito.

Inalis niya ang tingin mula sa ginagawa. “Hindi
ako puwedeng magtagal. Kailangan kong tapusin
'to.”

“Sure, love.”

Dinampot niya ang bag at eksaktong palabas sila
nang sumungaw ang papa niya sa pinto.

“Hi, Tito,” bati ni Stephen. Tila limot na nito ang
nangyari kagabi.

Pero sa bahagyang tango ng papa niya ay
mukhang may sama pa rin ito ng loob sa binata.

“Magla-lunch lang kami sa labas, Pa.”

“Okay.”

“Babalik ako agad. Would you like something?”

“No, thanks. May baon ako. You go ahead.”

Humalik siya rito at sumunod kay Stephen.

“Mukhang galit pa rin ang tito,” pansin ng binata nang nasa loob na sila ng sasakyan. Gamit nito ang sedan ng ama nito.

“Hindi mo masisisi ang papa...”

“I should’ve said sorry.” He sighed. “Kilala mo ako, Ara. Wala na sa akin iyon, akala ko okay na rin siya...”

“Concerned lang sa akin ang Papa. Kung wala ang nauna nating usapan, the contract is just fair.”

“Two years? With you? It’s not fair.”

Tinampal niya ang braso ng katabi. “Grabe ka, kung maka-not fair ka naman.”

Humalakhak ito. Stephen was really handsome, bukod pa sa lagi itong nakangiti kaya mukhang madaling lapitan. Kabaliktaran iyon ni Ethan na laging seryoso.

“Well, maganda ka naman.” Sinulyapan siya ng kaibigan. “And sexy...” Sumipol ito.

“But?”

“But not exactly my type. At alam mong maraming girls ang nakapila, naghihintay na mapansin ko.”

“Hindi ba nila mahihintay ang dalawang taon?” she teased.

“That’s the problem, love. Baka ako ang hindi makahintay ng dalawang taon...”

Sumeryoso si Ara. “Is there someone?”

A small smile crossed his lips. “Maybe...”

“Maybe?”

Tumawa ang kausap. “I don’t know if it’s serious.”

“P’wede ba iyon?”

“Hmm...”

“Come on, give me an honest answer. Because if it’s serious, I don’t think we should get married.”

“I like her... she likes me. But she’s different.” Nagkibit-balikat si Stephen. “I don’t know if I can take a risk with her. I think I’m scared to take a risk with her.”

“You’re in love!” bulalas ni Ara.

“Of course not. She’s just different from the other girls.”

“We can’t get married,” nanlulumong sabi ng dalaga.

Pero paano ang kompanya nila? Sigurado siyang magiging isang malaking dagok iyon para sa papa niya.

“Sinabi kong tutulungan kita, love. It could be my only chance para makabawi sa lahat ng kasinungalingan kong pinagtakpan mo.”

“Sa sinira mong reputasyon ko kay Ethan.” She

laughed without humor.

Natawa rin si Stephen. “And I told him another lie.”

“Surprise me,” matabang niyang sabi.

“Well, it’s for your own sake. Para hindi ka na niya kulitin, para hindi ka na mainis...”

May pakiramdam siyang hindi niya magugustuhan ang susunod na sasabihin ni Stephen.

“I told Ethan, you’re pregnant with my child.”

“Bastard!” Hindi nito naiwasan ang pagbatok niya.



Wala siyang planong kausapin si Stephen. Kibuin-dili niya ito nang kumain sila sa labas noong araw na ipagtapat nito na may panibagong kasinungalingan itong sinabi kay Ethan. Ngayon ay ikalawang araw na ng pangungulit nito at bukas ay nakatakdang ganapin ang kanilang engagement party.

Hindi niya gustong magkaroon pa ng engagement party. Lalo si Stephen na hindi gustong ipangalandakan ang pagpapakasal nila. Ngunit naihanda na pala iyon nina Tita Betty at kanina lamang nila nalaman.

“Kausapin mo na ako, love. Promise sasabihin ko bukas kay Ethan na false alarm ang pagbubuntis mo.”

“Enough of your lies, Stephen,” nakakunot ang noong sagot niya. Nasa harapan sila ng bahay nila at nasa labas ito ng gate. “Aminin mo kay Ethan lahat. ’Yung mga ginawa mong cutting classes at pag-absent na ginamit mo akong alibi... lalo na ’yung nangyari sa party ni Chad.”

Tumawa ito. “Matagal na iyon, they won’t count that anymore. At sigurado akong nakalimutan na ni Ethan iyon.”

Umismid si Ara at akmang magsasalita nang pumarada ang sasakyan ni Ethan sa harap ng bahay ng mga ito. Umibis ito ng sasakyan at umangat ang kilay nang makita ang kapatid sa labas ng gate.

“Lover’s quarrel?” tudyo nito nang tumawid.

“Wala kang pakialam,” asik niya.

“Ahh... hormones...”

“Tell him,” utos niya kay Stephen.

“We have an engagement party tomorrow night and you’re invited,” baling ni Stephen sa kapatid.

She rolled her eyes at her friend. “Bahala nga kayong mag-usap.” Tumalikod siya at humakbang papasok ng bahay. Narinig pa niya ang mahinang tawa ni Stephen na lalong nagpainit ng ulo niya.



Sinundan ni Ethan ng tingin ang papasok na dalaga. He was silently admiring her shapely legs and

sexy behind. Mukhang mainit talaga ang ulo ni Ara.

Bumaling siya sa kapatid at lumuwang ang ngiti nito.

“Isn’t she lovely?” anito.

Muling bumalik ang tingin niya sa dalaga na saktong isinasara ang pinto. “Of course.”

“How’s Annette?” tanong ng kapatid.

“I think she’s still in Bali.”

“Hindi mo tinatawagan?”

“She wanted me to call her kapag handa na akong mag-commit.”

“Why not? You’re both ready.”

“Talaga bang dito mo gustong pag-usapan ’yan?”
Nakasandal pa rin sila sa gate nina Ara.

Tumawa si Stephen at sabay silang humakbang upang tumawid sa kabilang bahay. “Binabago mo lang ang usapan...”

“I don’t think I’m ready to settle down.”

“O baka hindi si Annette ang hinihintay mo?”

“Siya ang pinakamatagal kong nakarelasyon.”

Naupo sila sa pang-apatang dining set na nasa porch.

Wala sa loob na tinanaw niya ang katapat na bahay. Inaasahan ba niyang muling lalabas si Ara?

“When was the last time you had an amazing sex with her?” usisa ng kapatid.

“With Annette?” He honestly could not remember.

Tumawa si Stephen. “Sino ba ang girlfriend mo? Or are you seeing someone else?”

“Of course not.” Muling bumalik ang tingin niya sa katapat na bahay.

“Or maybe you want someone else... long legged, fair skin, pretty face, gorgeous eyes.”

Didn't he just describe Ara? Because Annette was the opposite. She's beautiful but petite and morena.

He smiled and hoped that the guilt was not reflected on his face. “I like Annette. I'm just not ready to settle down.” Tila hindi kumbinsidong tumango ang kapatid. “Saka bawal akong magpakasal ngayong taon dahil magiging sukob tayo.”

“Ara is perfect. Baka gaya mo, hindi rin lang ako handang mag-settle down.”

“I hope you're not seeing someone else lalo ngayong malapit na kayong ikasal.” Ethan felt the need to protect Ara's feelings.

“Don't you worry, bro. Matutuloy ang kasal. With or without me.”

Napailing siya sa huling tinuran nito. “Puro ka pa rin kalokohan.”

He should have known Stephen's up to something.



Hinayaan niyang nakalugay ang lampas-balikat na buhok. Matapos magpahid ng lipstick ay muli niyang hinagod ng tingin ang repleksyon sa salamin. Ang suot niya ay old rose na bestidang one-shoulder at hanggang tuhod. Ang pinaka disenyo niyon ay ang tumpok ng rosettes sa balikat at mga beads sa laylayan. Iyon ang suot niya nang mag-graduate sa kolehiyo at natuwa siya na kasya pa rin sa kanya iyon. Well, except for the bust and hip part na mas nagkalaman.

Matapos mag-spray ng paboritong pabango sa likod ng tainga at pupulsuhan ay lumabas na siya ng kuwarto.

Ang kanilang engagement party ay gaganapin sa club house ng kanilang subdivision at bagaman sinabi ni Tita Betty na mga kamag-anak lamang ang imbitado ay duda siya roon.

Nang dumating sila ng papa niya ay marami nang bisita. Ang iba ay nakilala niyang mga kapitbahay at ang iba ay mga empleyado nila. Agad silang sinalubong ni Stephen. Nagmano ito sa papa niya bago humalik sa kanyang pisngi. He looked irritated.

“Ang akala ko, mga kamag-anak lang at piling kaibigan, parang buong subdivision na ito, ah,” puna

ni Ara.

“Iyon din ang akala ko...” matabang na sagot nito.

“Are you okay?”

“Don’t mind me, hindi ko lang din inaasahan na ganito karami ang guests.”

Hindi na siya nakasagot kasi biglang sumulpot ang mama nito.

“You look beautiful, Ara,” anito.

“I remember that dress...” sabi ni Ethan na kasunod ng matanda. “You wore that on your college graduation.” May maliit na ngiti sa mga labi nito.

Hindi niya napigil ang pagngiti. Hindi niya inaasahang natatandaan iyon ng binata.

“Wow, and it still fits you...” Si Stephen kasabay ng paghapit sa beywang niya.

Hindi niya alam kung imahinasyon lang ang nakitang pagdilim ng mukha ni Ethan.

“Well, I think the dress is stretchable.”

Napabaling siya ng tingin sa nagsalita. Hindi niya agad napansin ang isang maliit na babaeng nasa bandang likuran ni Ethan.

“The more it is flattering on her figure...” sagot ni Stephen. Kumunot ang noo ni Ara sa tila may malisyang paghagod nito ng tingin sa kabuuan niya. Ngumiti nang maluwang ang kaibigan, tila may

itinatagong kalokohan ang mga mata nito.

“By the way, this is Annette,” pakilala ni Ethan sa babaeng umabrisyete rito.

“Ethan’s girlfriend,” dugtong ng babae.

Tumaas ang kilay ni Ara kasabay ng nakapang inis. Ano ang akala nito, aagawin niya si Ethan? Paano pa maaagaw si Ethan ay tila linta ito kung makapulupot? And this was her engagement party with Stephen!

“The program will start, let’s get you seated,” sabi ni Tita Betty na tila hindi nahalata ang animosity ni Annette sa kanya. O pakiramdam lang ba niya iyon?

“Let’s go, love.” Nakangiting inalalayan siya ni Stephen palayo sa dalawa.



Ang program na inihanda ni Tita Betty ay maikli lamang. Ipinakilala sila ni Stephen at ikinuwento kung paano sila nagkakilala. Hindi niya alam kung saan nito nakuha ang mga lumang pictures nila.

Matapos magsalita ang ilang malalapit nilang kaibigan tungkol sa kanila ay inimbita ng matanda si Ethan upang magsalita. Pinigil niyang magpakita ng anumang reaksiyon nang tumanggi ito. Nagtama ang mga mata nila ng binata at nag-iwas siya ng tingin. Tama nga marahil na tumanggi na lang ito dahil siguradong wala itong magandang sasabihin

tungkol sa kanya.

Matapos magsalita ang kanilang mga magulang ay tinapos ang program sa pamamagitan ng kanilang pagsasayaw.

“Interesting day, huh?” sabi ni Stephen kasabay ng marahang pag-ikot sa kanya.

“Yeah...” Her eyes scanned the place and landed on Ethan’s. Tila kanina pa sila pinapanood nito. His lips were curled in a sexy way that resembled a smile. His steady gaze was too unsettling.

“Ethan’s girlfriend is back,” kuwento ni Stephen.

Nag-angat siya ng tingin dito at tila pinagaaralan nito ang emosyong nakalarawan sa mukha niya.

“I don’t like her.” She regretted saying it. Ano ba ang pakialam ni Ara sa personal na buhay ni Ethan?

Stephen gave a satisfying grin. “You don’t have to like her. As far as I know, Ethan likes her.”

Hindi na niya napigilan ang sarili. “I think she’s not good for Ethan.”

“And why is that?”

“Well, kahit hindi ako gusto ni Ethan para sa iyo, alam kong mabuti siyang anak... maasahang kapatid, at mahusay na abogado.”

“But a lousy boyfriend.”

“Really?” nabiglang aniya.

“Annette is waiting for him to propose...at binigyan na siya ng taning.” Stephen laughed. “I think she’s waiting in doom. Ethan’s never going to marry her.”

“Why?” Muli siyang napasulyap sa gawi ng binatang kanilang pinag-uusapan. Kausap nito si Annette at tila nagtatalo ang dalawa.

“You’ll find out soon,” nakangiting turan ni Stephen. “And maybe you’ll thank me for all the lies that I told him.” Sumeryoso ito.

“I doubt it...”

Bago pa ito nakasagot ay huminto sila sa harapan ni Ethan. “Dance with my girl, bro. I need to go to the restroom,” sabi ni Stephen.

Bago pa siya nakapagprotesta ay agad na siyang naipasa kay Ethan na halatang hindi iyon inaasahan.

“Well...” ani Ethan nang mapagsolo sila.

“Kung busy ka, puwede naman tayong maupo na lang.” Parang bigla siyang nininerbyos sa pagkakalapit nila.

“And miss this chance to dance with you?” Ngumiti ang lalaki at pinagsalikop ang mga palad nila. Ang isang braso nito ay pinanghapit sa beywang niya. Awtomatikong ipinatong ni Ara ang isang kamay sa dibdib nito. Mataas ito nang bahagya lamang kay Stephen. At mas malapad ang mga

balikat na tila sa mga manlalangoy. Dahil matangkad siya sa karaniwan, halos magpantay ang mga mukha nila. Iniiwas niya ang tingin nang mapagawi ang kanyang mga mata sa mga labi nito. She remembered how soft those lips felt against her own.

“Where’s your girlfriend?” tanong niya bagaman nakita iyong lumabas.

“Umuwi na,” kaswal na sagot ni Ethan.

Ibinalik niya ang tingin sa mukha nito ngunit muli ring iniiwas nang makitang nakatitig ito sa kanya.

“Bakit? Maaga pa, ah.” May ilang pareha na ring sumasayaw sa hall.

“She was jealous of you...”

Napahumindig si Ara. “Sa akin?”

He chuckled softly. “Please excuse me, but her exact term was...” tumikhim ito, “I was eyef*cking you...”